Buod na Bersyon

Ika-4 na Educational Administration Plan ng Toyota City

Taong 2022 - 2025

Keyword

Sama-samang Mag-aral para Magbigay-daan sa Kinabukasan

Ang planong ito ay batay sa ideya na sa panahong ito ng malaking pagbabago, ang mga pamilya, paaralan, at mga komunidad ay dapat sama-samang mag-aral upang mapangalagaan ang mga bata na magbibigay-daan sa kinabukasan, at gagamitin ang mga keyword na "Sama-samang Mag-aral para Magbigay-daan sa Kinabukasan" upang maihatid ang mga ideyang ito sa maraming mamamayan ng lungsod. Magtulungan tayo mula sa kung ano ang mga magagawa para sa kabataan!

Toyota City Board of Education

Layunin ng pagtatatag ng plano

Habang ang lipunan ay humaharap sa isang malaking pagbabago, ang papel at kahalagahan ng edukasyon ay nagiging mas lalong mahalaga sa pagtulong sa lahat ng tao na makakuha ng mga kinakailangang kakayahan at magamit ang mga ito upang mabuhay nang masagana.
Sa pagtatapos ng panahon ng pagpaplano ng ika-3 Educational Administration Plan ng Toyota City, magtatatag kami ng bagong Educational Administration Plan upang bigyang linaw ang direksyon ng educational administration at patuloy na itaguyod ang mga tunay na mga kinakailangang inisyatibo, sa layunin ng karagdagang pagsulong ng edukasyon sa ating lungsod.

Pangunahing Ideya

Pagsasakatuparan ng edukasyon kung saan ang bawat isa sa magkakaibang mamamayan ay maaaring sariling matuto at lumago kasama ang komunidad

Nilalayong imahe ng tao

Ang layuning paglikha ng isang komunidad na sagana sa pagkakaibigan na tinatawag na "Pangako ng mga Mamamayan ng Toyota", ay gagamitin bilang gabay upang malinaw na tukuyin ang imahe ng taong nilalayon natin bilang institusyon ng edukasyon sa lungsod na ito.

Mga taong patuloy na natututo at lumalaki nang masaya habang buhay (kasarinlan)

Mga taong tumutugon sa hamon ng kanilang mga pangarap at binibigyang-daan ang kanilang kinabukasan (pagkamalikhain)

Mga taong nagbabahagi ng iba't ibang kagandahan ng Toyota City at ipinapamana at piminamamahagi ang mga ito sa susunod na henerasyon (pag-ibig sa bayan)

Mga taong tulong-tulong na kumikilos upang paunlarin ang komunidad sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pagkilala sa bawa't isa (tulong-tulong na pagkilos)

Mga pangunahing inisyatibo

Upang sistematikong itaguyod ang pang-edukasyong administrasyon, magkakaroon ng 12 "mga proyektong may prayoridad" sa 4 na "prayoridad na hakbang".

Ika-1 na prayoridad na hakbang: Pagyamanin ang kakayahang palawakin ang sariling potensyal

Bilang karagdagan sa pagkuha ng kaalaman at kasanayan, ang kakayahang mag-isip, magdesisyon at ipahayag ang sarili sa mga hindi kilalang sitwasyon ay pinagyayaman, pati na rin ang kakayahang matuto at pagiging makatao.

Halimbawa ay isasagawa ang mga ganitong bagay

- **Paglikha ng "Class Model para sa Pagpapabuti ng Akademikong Abilidad", at pagbunsod ng paggamit nito sa mga paaralan**
- **Bilang karagdagan sa pagpapabuti ng mga klase gamit ang mga tablet para sa pag-aaral, isusulong ang pag-aaral na nakatugon sa mga abilidad at kakayahan ng bawat indibidwal, at pag-aaral kung saan nakikipagtulungan sa iba upang magbuod at magpahayag ng ideya**
- **Suporta para sa pananaliksik at pag-aaral sa mga paaralan sa pamamagitan ng mga lektura sa library**

State Index	Kasalukuyang Halaga	Nilalayong direksyon
Porsiyento ng mga mag-aaral na ang may nakikitang magandang katangian sa kanilang sarili	84.6%(mga mag-aaral sa elementarya) 69.8%(mga mag-aaral sa junior high school)	↗
Porsiyento ng mga mag-aaral na nag-iisip na kahit mahirap ay sinusubukan nila ang mga bagay nang walang takot na mabigo	79.5%(mga mag-aaral sa elementarya) 67.5%(mga mag-aaral sa junior high school)	↗

Ika-2 na prayoridad na hakbang: Pagkuha ng lugar kung saan ang sinuman ay maaaring matuto sa kanilang sariling paraan nang may panatag na isip

Pahuhusayin namin ang aming sistema ng suporta upang matugunan ang mga abilidad at kakayahan ng bawat indibidwal, upang matuto ang sinuman sa kanilang sariling paran nang may panatag na isip.

Halimbawa ay isasagawa ang mga ganitong bagay

- **Pagsulong ng maliit na mga klase sa lungsod na may pamantayan na 30 mag-aaral bawat klase**
- **Paglikha ng bagong lugar para sa mga mag-aaral na hindi pumapasok sa paaralan upang sila'y magkaroon ng kasarinlan sa lipunan**
- **Pagtayo ng bagong sistema ng suporta para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng pangangalagang medikal**
- **Suporta para sa multilingwal na pag-aaral gamit ang translation function ng tablet para sa pag-aaral**
- **Renobasyon ng mga pasilidad ng paaralan upang mapahaba pa ang paggamit nito hanggang sa 80 taon**

State Index	Kasalukuyang Halaga	Nilalayong direksyon
Porsiyento ng mga mag-aaral na natutuwang pumasok sa paaralan	84.9%(mga mag-aaral sa elementarya) 79.7%(mga mag-aaral sa junior high school)	↗
Porsiyento ng mga magulang na iniisip na ang mga klase ay madaling maunawaan ng bawat mag-aaral	66.7%	↗
Porsiyento ng mga mag-aaral na tingin ay kinikilala ng guro ang kanilang magagandang katangian	85.9%(mga mag-aaral sa elementarya) 79.1%(mga mag-aaral sa junior high school)	↗

Ika-3 na prayoridad na hakbang: Lumikha ng mga pagkakataon para sa mga tao na mahalin ang kanilang sariling bayan, habang buhay na matuto at mapaigi ang kahihinatnan

Bilang karagdagan sa paggamit ng iba't ibang yaman ng lungsod upang mapagyaman ang mga pagkakataon sa pag-aaral at aktibidad, lilikha kami ng mga pagkakataon para sa habang buhay na pagkatuto at mapaigi ang kahihinatnan upang paghandaan ang 100-taong siklo ng buhay.

Halimbawa ay isasagawa ang mga ganitong bagay

- **Mga kaakit-akit na mga klase sa pamamagitan ng paggamit ng mga yamang pang-edukasyon ng Toyota City (mga pasilidad/mga tao)**
- **"Manufacturing Education Program" upang maranasan ang mga kasanayan sa kalikasan, agham, at craftsmanship**

State Index	Kasalukuyang Halaga	Nilalayong direksyon
Porsiyento ng mga mamamayan na nakadarama ng dahilan ng pamumuhay sa kanilang pang-araw-araw na buhay	72.2%	↗
Porsiyento ng mga mag-aaral na gusto ang kanilang tinitirhan na lugar	88.6%(mga mag-aaral sa elementarya) 84.5%(mga mag-aaral sa junior high school)	↗

Ika-4 na prayoridad na hakbang: Pagsulong ng pagtutulungan ng mga pamilya, mga paaralan, at komunidad

Ang mga pamilya, mga paaralan, at komunidad ay magiging isa at magtutulungan upang isulong ang community-based education.

Halimbawa ay isasagawa ang mga ganitong bagay

- **Pagpapatibay ng kooperasyon sa pagitan ng mga community school cooperation headquarters at mga community exchange center, atbp.**
- **Pagpapabuti ng pamamahala ng mga club activity tuwing bakasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga lokal na human resource**

State Index	Kasalukuyang Halaga	Nilalayong direksyon
Porsiyento ng mga mamamayang lumahok sa mga aktibidad ng mga paaralang elementarya/junior high school o mga aktibidad sa komunidad kasama ang mga mag-aaral sa nakaraang taon	15.0%	↗
Porsiyento ng mga mag-aaral na nakikilahok sa kaganapan at aktibidad sa komunidad	80.0%(mga mag-aaral sa elementarya) 70.3%(mga mag-aaral sa junior high school)	↗

Paghahanay ng plano

- Ito ang pangunahing plano para sa pang-edukasyong administrasyon ng lungsod, na nakatuon sa larangan ng edukasyon sa paaralan.
- Pa-planuhin at kokoordinahin ang mga kaugnay na larangan ng kultura, palakasan, early childhood education, at adult social education.

Sistema ng Plano

Pangunahing Ideya

Pagsasakatuparan ng edukasyon kung saan ang bawat isa sa magkakaibang mamamayan ay maaaring sariling matuto at lumago kasama ang komunidad

Nilalayong imahe ng tao

- Mga taong patuloy na natututo at lumalaki nang masaya habang buhay (kasarinlan)
- Mga taong tumutugon sa hamon ng kanilang mga pangarap at binibigyang-daan ang kanilang kinabukasan (pagkamalikhain)
- Mga taong nagbabahagi ng iba't ibang kagandahan ng Toyota City at ipinapamana at piminamamahagi ang mga ito sa susunod na henerasyon (pag-ibig sa bayan)
- Mga taong tulong-tulong na kumikilos upang paunlarin ang komunidad sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pagkilala sa bawa't isa (tulong-tulong na pagkilos)

Prayoridad na hakbang

Pangalan ng hakbang	Mga proyektong may prayoridad
❶ Pagyamanin ang kakayahang palawakin ang sariling potensyal	○Proyektong pagsulong ang "independiyente at interaktibong malim na pag-aaral" ○Proyektong pagsulong ang paggamit ng ICT at pagpapanatili nito ○Proyektong pagsulong ang mga aktibidad para sa pagbabasa ng mga bata
❷ Pagkuha ng lugar kung saan ang sinuman ay maaaring matuto sa kanilang sariling paraan nang may panatag na isip	○Proyektong pagsulong ng detalyadong edukasyon ○Proyektong pagpigil ng bullying at hindi pagpasok ng mga mag-aaral ○Proyektong pagsulong ng special needs education ○Proyektong edukayson para sa mga dayuhang estudyante ○Proyektong renobasyon para sa pagpapahaba ng buhay ng mga pasilidad ng paaralan
❸ Lumikha ng mga pagkakataon para sa mga tao na mahalin ang kanilang sariling bayan, habang buhay na matuto at mapaigi ang kahihinatnan	○WE LOVE Toyota Proyektong pagsulong ng programa sa edukasyon ○Proyektong manufacturing education program
❹ Pagsulong ng pagtutulungan ng mga pamilya, mga paaralan, at komunidad	○Proyektong pagsulong ng community school/community school cooperation headquarters ○Proyektong pagsulong ng pag-aalis ng pagka-abala ng mga teaching staff sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na komunidad, atbp.

Pangunahing hakbang

Pangalan ng hakbang	Mga Haligi ng hakbang
❶ Pagsusulong ng edukasyon sa paaralan na nagpapalakas ng kakayahang mabuhay	①Pagsusulong ng edukasyon na nagbibigay-diin sa koneksyon sa pagitan ng pag-aaral at komunidad
	②Pagsusulong ng edukasyon na nagbibigay ng tiyak na kakayahang pang-akademiko
	③Pagsusulong ng edukasyong nagpapayaman ng pagiging makatao
	④Pagsusulong ng edukasyong nagpapayaman ng kalusugan at pisikal na lakas para sa isang malusog na pamumuhay
❷ Pagpapahusay ng kapaligirang pang-edukasyon para sa ligtas, panatag, at komportableng pag-aaral	①Pagsusulong ng pagpapahusay ng kapaligiran at pagpapanatili ng mga pasilidad ng paaralan
	②Pagpapanatili ng kapaligiran para sa pagluluto ng tanghalian sa paaralan
	③Muling pagpapanatili ng Central Library
❸ Suporta para sa pag-aaral na nagpapayaman sa buhay	①Pagpapahusay ng mga oportunidad sa pagkatuto upang suportahan ang kahihinatnan ng mga mamamayan
	②Pagbunsod ng mga pagtatagpo at pakikipag-ugnayan at suporta para sa paglutas ng mga problema sa pamamagitan ng mga libro at materyales ng library
	③Isulong ang mga aktibidad para sa pagbabasa ng mga bata
❹ Pagbunsod ng pag-unlad ng susunod na henerasyon ng human resources sa pamamagitan ng lokal na komunidad	①Pagpapayaman ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral sa elementarya at junior high school na maging masigasig
	②Pagbunsod ng mga aktibidad sa pakikilahok sa lipunan ng mga mag-aaral sa high school at unibersidad
	③Suporta para sa mga kabataang nahihirapan sa pagkakasarinlan
	④Pagpapabuti ng kakayahan ng edukasyon sa tahanan
❺ Pagsusulong ng pag-aaral upang gumawa ng mga bagay na hahantong sa pagmamalaki at pagmamahal sa bayan	①Pagpapayaman ng mga pagkakataon upang pataasin ang interes sa manufacturing at agham
	②Pagpapayaman ng mga pagkakataon upang matuto tungkol sa advanced manufacturing at agham

Inisyu ng: Toyota City Board of Education Policy Division
3-60 Nishimachi, Toyota City, 471-8501 TEL：0565-34-6658 FAX：0565-34-6771
Marso 2022